HIMAGSIK
Rebolusyonaryong Pahayagang Masa ng Gitnang Luzon

Himagsik Special Issue
Hulyo 2024

# PULANG SALUDO SA MGA MARTIR NG MALBANG, PANTABANGAN! PULANG SALUDO KAY KASAMANG HILARIO "LARRY" GUIUO!

Pahayag ng Pagdakila, Komiteng Rehiyon - Gitnang Luzon

*"Hindi kayo mamamatay, hindi kayo malilimot. Sa puso ng sambayanan, igagawa ng bantayog. Tinig ninyo'y maririnig sa lahat ng dako't sulok. Isang higanteng magbabalikwas na ang paa'y Gitnang Luzon at ang ulo'y Sierra Madre."*

Katawan man nila'y iginupo ng mga bala at pasabog, ngunit hindi ang prinsipyo at rebolusyunaryong adhikain na pinag-alayan nila ng buhay. Hindi nagtatapos ang kanilang kwento noong hapon ng Hunyo 26 sa Malbang, Pantabangan, Nueva Ecija. Simula lamang ito ng pagtatanghal sa kanilang kabayanihan. Kilalanin natin silang lahat, ang pinakamamahal nating mga kasama, kapatid, kaibigan, anak -- anak ng bayan. Kilalanin natin sila at isapuso ang kanilang rebolusyonaryong adhikain. Kilalanin natin sila at ipalaganap ang kwento ng kanilang kabayanihan.



**Kasamang Hilario "Larry" Guiuo. (June 30, 1960 – June 2024).** Kilala natin sa mga pangalang Ka Berting, Ka Tonyo, Ka Alde, Ka Abing, Ka Arce, Ka Edung, Ka Jr. at Ka B.E. Siya ay pinagpipitagang Punong Kumander at Kalihim ng Komiteng Rehiyon. Rebolusyunaryong Kristyano, doktor, guro, mapagmahal na ama, artista ng bayan.

Isa si Ka Larry sa sampung minamahal nating mga kasama na nag-alay ng buhay sa labanan sa Malbang, Pantabangan noong Hunyo 26, 2024.

Laging mataas ang kanyang rebolusyunaryong optimismo kahit sa pinakamahirap at gipit na sitwasyon. Bawat pag-abante, bawat pagsulong, gaano man kaliit ang mga ito, sa gawain man o sa indibidwal na pagsulong ay kanyang pinapahalagahan gaya ng liwanag ng alitaptap sa dilim ng gabi. Hanggang sa pagharap sa kamatayan ay taglay niya ang positibong diwa.

Noong hapon ng Hunyo 26, sa kabila ng tama ng bala na kanyang natamo, buo ang kanyang isip na tiyakin na walang dokumento ang makukuha sa kanya na maaaring ikapahamak ng Partido at ng masa. Trinensera niya ang kanyang pak, at inatasang bumaklas ang kasamang kanyang kabadi habang pinapayungan niya ng putok. "Huwag niyo na akong alalahanin, tiyakin ninyong maka-atras," ang kanyang habilin sa lahat.

Tiyak na tiyak siya na sa taktikal na pag-atras, muli at muli tayong makakasulong. Tiyak na tiyak siya na walang pagdadalawang loob na babalikatin ng mga kadre at kasapi ng Partido at Hukbo ang dakilang tungkulin na pinaghandugan niya ng buhay. Tiyak na tiyak siya dahil bahagi siya ng pagpapanday sa paninindigan at tuloy-tuloy na pagpapanibagong hubog ng libu-libong kasama at masa, Singtiyak ng tagumpay na kanyang tinatanaw, ang katiyakan na hindi magtatapos ang kanyang kabayanihan sa kanyang kamatayan.

Saan nga ba hinuhugot ni Ka Larry ang mataas na rebolusyunaryong positibong diwa? Desi-sais anyos pa lamang siya ng mamulat na ang pagiging mabuting Kristiyano ay yaong isinasapuso ang tunay na paglilingkod sa sambayanan. Mula sa parokya ng United Methodist Church, pinalaganap niya ang salita ng Diyos ng may pagmamahal at pagtataguyod sa masang anakpawis -- sa kapwa

kabataan sa loob at labas ng eskwelahan, sa mga magulang ng kanyang ka-eskwela hanggang sa tahanan ng masang magsasaka, mula Isabela hanggang sa Guimba, Nueva Ecija kung saan siya nagtapos ng high school. Kabilang siya sa mga artistang kabataan na tinatanghal ang teatro sa simbahan, eskwelahan, pook obrahan at komunidad ng masang magsasaka. Simula pa lang ng kanyang pagkilos ay nakaugat na siya sa masang magsasaka.

Sa kamusmusan ng kanyang buhay aktibista ay naharap na siya sa mapanghamong sitwasyon. Umatras ang kanyang mga kakolektibo sa kampanya kaugnay sa pagsusulong ng demokratikong karapatan at kagalingan ng mga estudyante kung kailan parurok na ang kampanya. Pero sa halip na maghimutok, o malunod sa sama ng loob, nagsikhay siyang iabante ang laban mula sa kung anong nasimulan at iaabante pa. At umabante ang laban. Naani niya ang suporta at respeto ng kapwa niya estudyante, ng kanilang mga magulang at maging ng administrasyon ng kanilang eskwelahan.



Estudyante sa hayskul, estudyante sa bukid ng masang magsasaka. Kasama siya sa gawain sa paghahanda sa sonang gerilya. Nasa ikatlong taon niya sa hayskul nang makasama siya sa treyning ng NPA at nakapagtapos ng kursong primarya ng Partido. Pagka gradweyt sa hayskul, nagpasya na siyang magfull time. Pagtuntong niya ng edad disi otso noong 1978 ay pinapasok siya sa kampo ng NPA para pasumpain na ganap na kasapi ng Partido. Nadatnan niya doon sina Caridad Magpantay, Frank Pascual at Rodolfo Salas, mga pangunahing kadre noon ng Gitnang Luzon. Naitalaga siya sa Bongabon ng taong iyon na opisyal sa edukasyon ng Komiteng Seksyon kung saan nakabase si Popoy Lagman na noon ay naka-DA. Mayo, 1979, isa siya sa naatasan na ihanda ang Aurora sa pagpakat ng NPA. Gawing setyembre ay binuo ang yunit na kumilos dito, kasama siya na gumanap na Giyang Pampulitika. Hanggang 1985 ay kumilos siya sa Aurora. Mula sa isang yunit ay naging tatlo ito. Naging iskwad lider siya noong 1982.

Huling bahagi ng 1985 hanggang 1989 ay itinalaga siya sa Nueva Ecija bilang kalihim ng Komiteng Probinsya at kagawad ng Supra-lager. Nahuli at nakulong siya noong 1989 at dumanas ng 48 oras na tortyur. Gayun pa man, hindi naigupo ng kalupitan ng AFP ang kanyang paninindigan. Taglay ang proletaryong diwa ng isang Komunista, ginugol niya ang kanyang panahon sa kulungan sa pag-organisa sa kapwa preso at isinulong ang kanilang demokratikong karapatan at kagalingan. Pagkaraan ng isang taon, nakalaya siya at agad na bumalik sa armadong pakikibaka.

Bago pumutok ang Pinatubo ay dineploy siya sa Zambales-Pangasinan. 1992 ay naging kagawad siya ng Komiteng Rehiyon. Sa kasagsagan ng haluan ng tama at mali ay inalis siya sa Pangasinan noong 1995 at inilipat sa Tarlac. Dineklara nina Bill na "failure of leadership ang kanyang pamumuno" dahil hindi niya tinaguyod ang linya ng insureksyunismo at lantay militar na pagharap sa gawain. Hindi siya nagpaapekto sa ganitong husga dahil sa aktwal ay naitayo ang mga rebolusyonaryong organisasyong masa at nakapaglunsad ng mga pakikibakang agraryo ang masang magsasaka.



Sa kumperensya ng Partido noong 1997, pinagtibay ang mga saligang prinsipyo ng Partido at ang mahigpit na pagtaguyod sa Kilusang Pagwawasto na pormal na inilunsad sa pambansang antas noong 1992. Napagtanto niya pagkaraan ng ilang taon na bagamat nanindigan siya sa wasto ay hindi siya gasinong aktibo sa tunggalian sa dalawang linya noon dahil na rin sa kababawan ng kanyang pagsapul sa rebolusyunaryong teorya. Ang karanasang ito ang nagpatimo sa kanya ng kahalagahan ng matamang pag-aaral sa MLM, ang teoryang gabay sa ating rebolusyonaryong praktika.

Nang pumutok ang paksyunalismo sa GL, ibinalik siya sa Zambales-Pangasinan para tumulong sa paglilinaw at pagkumbinsi sa mga kasama sa wastong linya. Pero nakonsolida na ng mga nagpaksyon ang Hukbo. Buo-buong Hukbo ang natangay ng mga rebisyunistang nagpaksyon. Gayunpaman, sa halip na manlumo, itinuon niya ang pagsisikap kung paano maitatayong muli ang Hukbo sa Kanluran.



Itinalaga siya sa Bataan noong 2000. Pinangunahan niya ang pampulitikang paglalansag sa RHB, ang hukbong itinayo ng mga rebisyunistang taksil na itiniwalag sa Partido noong 1998, at ang pagrekober sa baseng masa na lubhang sinalanta ng paglihis sa saligang prinsipyo ng Partido. Malaking ambag ni Ka Larry ang muling pagbubuo ng Hukbo sa Bataan at Zambales, ang rekoberi ng baseng masa at pagsigla ng mga pakikibakang magsasaka.

Muli siyang ibinalik sa Aurora noong 2005 para mangalihim sa Komiteng Probinsya, pamunuan ang pang-rehiyong yunit seguridad (RYS) at pamatnugutan ang Hukbo sa probinsya. Dinatnan niya ang Aurora na nasa lundo ng mga panloob na problema kaugnay sa pagpupuspos ng Kilusang Pagwawasto sa probinsya. Walang pagdadalawang loob na binalikat niya ang tungkulin sa pagkokonsolida sa Partido at Hukbo sa kabila ng malamig na pagtanggap sa kanya ng mga kasama sa simula. Matiyaga siyang naglinaw, nakitunggali sa mga maling tunguhin, pananaw at paraan ng paggawa na nakatigasan ng mga kasama sa nakaraan. Tuwiran siyang nakalubog sa mga kasama sa Hukbo at sa masa. Kasama siya sa arawang gawain, sa gawaing masa, sa pagharap sa mahihirap na sitwasyon, sa pagtukoy sa mga sablay na praktika, mga kahinaan, pagwawasto sa mga ito at pagsulong. Hindi mapapasubalian ang dakilang ambag ni Ka Larry sa pagsigla ng mga pakikibakang magsasaka, pagbubuo ng baseng masa at pagsusulong ng armadong pakikibaka sa Aurora.

Sa pamamatnugot ni Ka Larry sa Hukbo, ilang beses na nabigo ang samu't saring OPLAN ng AFP para durugin ang NPA at wasakin ang baseng masa sa Aurora. Pinamunuan niya ang mga serye ng atritibong aksyon, taktikal na opensiba at mga ispesyal na operasyon ng BHB, hindi lamang sa Aurora kundi sa buong Silangan. Matalinong nagamit ang taktika ng paglilipat para sa epektibong maniobra ng mga yunit ng Hukbo sa Sierra Madre at Caraballo.

Nabihag siyang muli ng pasistang kaaway noong 2014. Hindi nakahadlang ang dalawang taon niyang pagkapiit para isabuhay ang pagiging Komunista. Kasama ng iba pang political detainees, isinulong nila ang mga demokratikong karapatan at kagalingan ng mga preso. Nagamit niya ang akumuladong karanasan sa gawaing alyansa para maisulong ang mga reporma pabor sa mga preso. Naging sanggunian at tagapayo siya ng mga magsasakang nakakulong at pamilya nila sa mga usapin sa lupa. Umakto siyang abugado ng mga presong biktima ng maling paghuhusga at ng matatagal ng nakakulong na walang kakayahang ipagtanggol ang kanilang sarili. Pinangunahan niya din ang pagkampanya ng suportang pinasyal para makapagpyansa ang ilang preso na menor lamang ang kaso. Naging "Mayor" siya sa kulungan, hindi pa sa otoridad at pribelehiyong kaakibat nito kundi sa respeto at pagkilala sa kanya ng kapwa preso, lalo na sa mga biktima ng kawalan ng hustisya.

Nang makalaya, agad siyang bumalik sa armadong pakikibaka. Itinalaga siya sa Zambales Mountain Range noong 2016 para pamunuan ang pagpapatupad sa mga resolusyon ng Partido kaugnay sa panawagan ng Kawanihang Pampulitika para sa pagsusulong ng Kilusang Pagwawasto sa buong bansa.



Hindi naging banayad ang alon sa pagbabalik niya sa Zambales Mountain Range. Muli, naharap si Ka Larry sa sitwasyong kinakailangan ng masikhay na gawain at pagpupunyagi para sa pagbubuo ng mahigpit na pagkakaisa sa loob ng Partido at Hukbo. Sa kanyang tuwirang pamumuno at paggabay, nakapagpanibagong sigla ang armadong pakikibaka sa Zambales Mountain Range.

Siya ay non-attending delegate sa Second Congress ng PKP noong 2016.



Noong Hunyo 2022, pinamunuan niya ang pagsusulong ng Kilusang Pagwawasto sa Gitnang Luzon. Kinatangian ito ng matapat at mababang loob na pag-ako ng namunong Komite ng Partido sa rehiyon na tukuyin ang mga kahinaan sa ideolohiya, pulitika at organisasyon. Pinangunahan niyang imartsa ang buong rebolusyonaryong pwersa ng Gitnang Luzon na iwasto ang mga pagkakamali, lagpasan ang mga limitasyon at umabante. Sa taon ding ito, tuwiran niyang pinamunuan ang pagbubuo sa larangang gerilya sa Silangan Gitnang Luzon. Ang kanya mismong tuwirang paglubog sa Hukbo sa Silangan sa kabila ng kanyang pisikal na limitasyon ay dagdag inspirasyon at motibasyon sa buong pwersa para buong tatag na harapin ang tumitinding atake ng pasistang AFP sa rebolusyunaryong pwersa at mamamayan.

Mula sa yugto ng kanyang kamusmusan sa pakikibaka hanggang sa nahusto siya sa edad at nag-akumula ng mayamang karanasan sa rebolusyunaryong pakikibaka, tinatanganan niya ang Marxista-Leninistang pananaw sa mga bagay-bagay. Lahat ng praktikal na problema ay may praktikal na solusyon. Nagsisimula sa matamang pag-aaral sa obhetibong kalagayan, matiyaga siyang nagkukunot ng noo kung paano lutasin ang samu't saring usapin sa pagsusulong ng rebolusyon. Mababang loob siyang nakikipag-aralan sa mga nakakabatang Kadre, nakikinig sa kanilang mga opinyon, panukala at ibinibigay ang tiwala sa kanilang kakayahan.

Si Ka Larry ang halimbawa ng Kadre ng Partido at Hukbo na nakaugat sa masa at nakalubog sa kanyang pinamumunuan. Wala siyang kapagurang magturo at walang pagkasawa na nakikipag-aralan sa mga kasama, anuman ang katayuan nila sa Partido at Hukbo. Kailanman ay hindi niya inakong kanya lamang ang pagkilala sa mga natamong tagumpay at pagsulong. Mataas ang kanyang pagpapahalaga sa kolektibong pagpapasya at pinakapupurihan ang kolektibong paggawa anuman ang abutin nito.

Bilang Kadre, marami din siyang kakapusan, sablay at kamalian.

"Pangunahing nakasalalay sa mga pasya ko ang mga kawing kawing na hakbangin, desisyon at mga pagsisikap. Sa bawat kawing-kawing na yon at pagsisikap, mayroong positibong resulta at meron ding mapait na kaganapan. Mabigat sa akin ang mapapait na karanasan na resulta ng mga mali kong pagpapasya. Pero sa dulo, ito ay mga kolektibong desisyon. Ito ang inabot ng organisasyon ng Partido. Ganon din na ang mga kasamang nag-alay ng kanilang mga buhay ay mulat nilang tinanggap ang mga atas. Alam nila ang mga kaakibat na panganib. Kasama sila sa desisyon. Alam nilang taya buhay ito, na pupusta sila ng buhay."

At simula't simula, ipinusta niya ang kanyang buhay para sa rebolusyunaryong adhikain. Matapang niyang sinalubong ang kamatayan para sa katiyakan ng sosyalistang kinabukasan.

Lagi niyang sinasabi, "Gaano man kainam ang objective situation, ang mas mahalaga ay ang subjective forces, ang Partido. Mahirap, pero kaya natin."

Kaya natin! Inspirasyon natin ang walang kamatayan na mga aral at mayamang rebolusyunaryong praktika na ating natutunan kasama si Ka Larry. Alalahanin natin siya ng masaya, at may buong kapasyahan na ituloy ang laban. Si Ka Larry na hindi lamang Kadre ng Partido at Hukbo, kundi isa ring mahusay na mandirigma na mahigpit na tumatalima at kaisa ng mga bagong Kumander na kasama siya sa nagsanay, nagpanday at naghubog na maging mahuhusay na Kadre ng Partido at Hukbo. Si Ka Larry na hindi paaawat sa pag-arte, hindi pahuhuli sa kantahan, maging sa sayawan. Kasiyahan niyang ipagluto ang mga kasama, ipaggawa ng anlid, at makipagkulitan sa pag-ipon ng uyó para gawing pamatay lamok. Sa halip na lumuha, alalahanin natin si Ka Larry na may ngiti sa labi sa kanyang mga kakulitan, mga bloopers at mga paglalambing.

Alalahanin natin si Ka Larry na kagaya niya'y may mataas na rebolusyunaryong positibong diwa. Kaya natin to!

Ka Larry, mahal ka namin. Mahal ka ng masang iyong pinag-alayan ng buhay. Ang iyong kabayanihan ay walang kamatayan!